

## Ihinto ang pagkalat ng sakit, Ipatupad ang mga paraan sa muling pagkalat ng sakit



Ipatuloy at makipagtulungan sa pagpapatupad ng mga paraan sa pag-iwas ng COVID-19.

### Mahigpit na Pagpapatupad ng mga Paraan sa Pag-iwas ng COVID-19

- Kung sa tingin mo ay hindi maganda ang iyong pakiramdam, itigil lahat ng gawain (pagpasok sa trabaho, pagpasok sa paaralan) at pumunta muna sa isang institusyong medikal na malapit sa iyo !
- "Mag-mask", "Maghugas ng kamay at gumamit ng alcohol", "Ugaliing mag-ventilate", "Iwasan ang masikip, matao at saradong lugar"

### Kainan, inuman at travel

- Iwasang makipag-inuman at kainan ng maramihan at matagalan tulad ng kansogeikai o welcome and send-off party, welcome party, Easter, atbp.
- Iwasan kung maaari ang mga pagtitipon tulad ng Hanami o cherry-blossom viewing.
- Magtungo lamang sa mga tindahan o kainan (inuman) na may nakatatak na sticker para sa pagpapatupad ng mga paraan sa pag-iwas sa COVID-19 (third-party certified), at magsuot ng mask kapag magsasalita at iwasang mag-usap habang kumakain!
- Sunding maigi ang mga nakasulat sa itaas na mga pangunahing paraan para maiwasan ang pagkalat ng sakit kahit sa mga graduation trips at spring break o leisure activities!



### Paalala para sa mga nagmamay-ari ng negosyo

- Bumuo ng kaaya-ayang lugar para sa trabaho, at siguraduhing makakatanggap ng sick-leave ang sinumang masama ang pakiramdam.

### Mga ginagawang paraan ng lungsod ng Gifu

#### Pagpapalawig sa sistema ng health center

- Mas pinatatag ang pagtalaga ng mga tauhan at pagtugon sa sitwasyon para mabawasan ang pag-aalala ng mga nagpapagaling na pasyente.

#### Pagpapatupad ng dagdag na bakuna

- Bumuo ng sistema kung saan ang mga taong gustong mabakunahan ay makapagpabakuna sa madaling panahon.
- Kung maaari agad na magpabakuna anuman ang napiling uri ng bakuna!

#### Bakuna para sa mga bata

- Kailangan ang pahintulot mula sa magulang kapag papabakunahan ang batang nasa 5 hanggang 11 taong gulang.  
Bago magpasyang magpabakuna, alamin ang mabuti at hindi mabuting maidudulot ng pagbabakuna.